

- Magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang Salita na sapat upang makilala natin Siya at sa pamamagitan nito ay maranasan ang Kanyang kapangyarihan sa ating mga buhay.
- Hingin sa Diyos na gamitin ang Kanyang kapangyarihan sa iyo at sa pamamagitan mo habang lumalalim ang pagkakakilala mo sa Kanya at sa Kanyang Salita.
- Ipanalangin na Siya ay makilala ng mga kapamilya at kaibigan mo sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

NOTES

WORDVIEW

Kasapatan

WARM-UP

- Ano ang paborito mong kainan? Sa sukat na isa hanggang sampu, gaano kaganda ang pakiramdam mo sa tuwing kakain ka rito?
- Kung maaari kang maging sinuman o anuman sa mundo, sino o ano ito? Ano ang kailangan mong gawin ngayon upang maisakatuparan ito?
- Naranasan mo na bang malagay sa isang sitwasyon na kinapos ka sa mga kailangan mo? Ano ang nangyari?

WORD

Ang kapangyarihan ng Diyos ang nagbigay sa atin ng lahat ng kailangan natin para mamuhay nang may kabanalan. Ito'y sa pamamagitan ng pagkakakilala natin sa kanya na tumawag sa atin. Tinawag niya tayo sa pamamagitan ng kapangyarihan niya at kabutihan.

2 PEDRO 1:3

Sinabi ni Pedro na ang Diyos ay *nagbigay sa atin ng lahat ng kailangan natin para mamuhay nang may kabanalan*, sa pamamagitan ng pagkilala natin sa Kanya. Sa kaalamang ito, *ipinagkaloob Niya sa atin ang mahahalaga at dakila Niyang mga pangako*, upang sa pamamagitan ng pananampalataya, *makabahagi tayo sa kabanalan ng Diyos*. Ang tanging paraan upang makilala natin ang Diyos at ang Kanyang mga pangako ay sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita ay sapat upang lahat tayo ay makakilala sa Kanya at makabahagi sa Kanyang kabanalan.

1 Buhay at Kabanalan

Ang kapangyarihan ng Diyos ang nagbigay sa atin ng lahat ng kailangan natin para mamuhay nang may kabanalan. Ito'y sa pamamagitan ng pagkakakilala natin sa kanya na tumawag sa atin. . . . **2 PEDRO 1:3**

Habang mas nakikilala natin ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang Kanyang kapangyarihan ay nabibigay sa atin ng lahat ng kailangan natin para mamuhay nang may kabanalan. Habang binabasa, pinagninilay-nilayan, at sinusunod natin ang Kanyang Salita, natututunan natin ang Kanyang katangian at kagustuhan. At sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, nabibigyan tayo ng kakayahan at pananampalataya na magkaroon ng buhay na may kabanalan sa gitna ng mundong salungat dito. Ikuwento ang isang pagkakataon kung saan nagkaroon ka ng kalakasan sa pamamagitan ng Salita na makatugon nang may kabanalan sa isang sitwasyon. Ano ang nangyari?

.....

.....

2 Kapangyarihan at Kabutihan

. . . Tinawag niya tayo sa pamamagitan ng kapangyarihan niya at kabutihan. **2 PEDRO 1:3**

Ang pagbabasa at pag-aaral ng Salita ng Diyos ay nagbibigay kaalaman tungkol sa kung sino ang Diyos. Ang kalikasan ng Diyos ay ang Kanyang pagiging makapangyarihan at mabuti, at tinatawag Niya tayo sa parehong *kapangyarihan at kabutihan*. Pinapakita ng Kanyang Salita na tayong mga tagasunod Niya ay maaring makibahagi sa Kanyang kalikasan. Paano nabago ng kaalaman ng ganitong pamatayan ng pamumuhay ang iyong paraan ng pamumuhay? Ano ang ibig-sabihin ng pagkakatawag sa Kanyang kapangyarihan at kabutihan?

.....

.....

3 Mahahalaga at Dakilang mga Pangako

At sa pamamagitan din nito, ipinagkaloob niya sa atin ang mahahalaga at dakila niyang mga pangako. Ginawa niya ito para makabahagi tayo sa kabanalan ng Diyos at matakasan ang mapanirang pagnanasa na umiiral sa mundong ito.

2 PEDRO 1:4

Sa pamamagitan ng pagkilala natin sa Diyos, na bunga ng ating pagninilay-nilay at pagsunod sa Kanyang Salita, nalalaman natin ang mga *mahalalaga at dakila Niyang mga pangako* sa atin. Kung magtitiwala tayo sa Kanyang Salita at aangkinin natin ang Kanyang mga pangako sa ating buhay, maaari tayong mamuhay ayon sa Kanyang Salita at ganap na makabahagi sa kabanalan Niya. Magagawa nating tumalikod sa makasalanang pagnanasa habang tayo ay nabubuhay dito sa mundo. Mayroon bang pangako sa Bibliya na pinanghahawakan mo at humihimok sa iyo na magpatuloy sa pamumuhay sa piling Niya? Ibahagi ito.

.....

.....

APPLICATION

- Naranasan mo na ba ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita? Gusto mo ba itong maranasan ngayon?
- Paano mo mas makikilala ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita? Ano ang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang mamuhay nang may maka-diyos na kapangyarihan at kabutihan?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na hindi pa nakararanas ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita? Paano mo maibabahagi sa kanila ang Kanyang Salita?